

WARM-UP

- Paano mo ipinapakita ang pagmamahal mo sa iyong pamilya? Magkuwento ng isa sa mga paraang ito.
- Ano ang isang utos sa inyong tahanan na nahihirapan kang sundin? Bakit ito mahirap para sa iyo?
- Balikan ang isang pagkakataon na nagtiyaga ka sa gitna ng mga paghihirap. Paano ka nakalampas sa sitwasyong ito?

WORD *⁴Tinuruan ako ng Panginoong Diyos kung ano ang sasabihin ko para mapalakas ang mga nanlulupaypay. Ginigising niya ako tuwing umaga para pakinggan ang mga itinuturo niya sa akin. ⁵Nagsalita sa akin ang Panginoong Diyos at ako'y nakinig. Hindi ako sumuway o tumakas man sa kanya. **ISAIAH 50:4,5***

Sa pamamagitan ni Isaias, sinabi ng Diyos na paparating ang Kanyang lingkod na magliligtas sa Kanyang mga mamamayan. Ang lingkod na ito, na hindi tulad sa naisip ng mga Israelita, ay hindi magliligtas sa kanila mula sa pang-aapi ng ibang mga bayan. Bagkus, Siya ay magiging patotoo sa buong mundo ng pag-ibig, kagustuhan, at hatol ng Diyos para sa lahat ng tao. Ngayon, titignan natin kung ano ang ibig sabihin ng paglilingkod ni Jesus bilang tapat na saksi ng Diyos.

1 | Pinalalakas Niya ang mga nanghihina.

Tinuruan ako ng Panginoong Diyos kung ano ang sasabihin ko para mapalakas ang mga nanlulupaypay. Ginigising niya ako tuwing umaga para pakinggan ang mga itinuturo niya sa akin.

ISAIAH 50:4

Si Jesus, bilang patotoo ng Diyos para sa mundo, ay ipinadala upang mapalakas ang mga nanlulupaypay. Hindi Siya unang ipinakilala bilang tagapaghatol sa makasalanang mundo, ngunit bilang isang tagapagbigay ng kalakasan sa mga nanghihina o napapagod. Ano ang nais ibigay ni Jesus sa mga nahihirapan o napapagod? (Mateo 11:28-30)

2 | Nakikinig at sumusunod Siya sa sinasabi ng Diyos.

Nagsalita sa akin ang Panginoong Diyos at ako'y nakinig. Hindi ako sumuway o tumakas man sa kanya. **ISAIAH 50:5**

Ipinadala ng Diyos si Jesus sa mundo para sa isang banal na layunin—iligtas ang sangkatauhan sa kasalanan. Noong si Jesus ay nabubuhay sa mundo, alam niya ang layuning ito at kung paano ito maisasakatuparan. Alam Niya na mamamatay Siya sa krus sa paraang puno ng kahihyan at pagdurusa upang maranasan ulit ng tao ang mamuhay sa piling ng Diyos. Sa kabila nito, hindi Siya nagrebelde o kaya ay umatras. Bakit sumunod si Jesus sa Diyos? (Juan 14:31)

Handa Siyang dumaan sa paghihirap para sa kagustuhan ng Diyos.

⁶Iniumang ko ang aking likod sa mga bumugbog sa akin, at ang aking mukha sa mga bumunot ng aking balbas. Pinabayaang ko silang hiyain ako at duraan ang aking mukha. ⁷Pero hindi ako nakadama ng hiya, dahil tinulungan ako ng Panginoong Diyos. Kaya nagmatigas ako na parang batong buhay dahil alam kong hindi ako mapapahiya. ISAIAS 50:6,7

Hindi lamang si Jesus ipinadala upang mamatay para sa atin. Siya ay daranas din ng labis na pagmamalupit. Sa kabuuan ng buhay ni Jesus bilang isang patotoo ng Diyos, Siya ay iniwasan, pinagtawanan, at sinaktan. Sa kabila ng mga pagmamalupit, kahihyan, at pasakit na naranasan Niya, si Jesus ay nagpatuloy sa pagiging matapat. Alam Niya kung bakit Niya kailangang magdusa at alam Niya na tutulungan Siya ng Diyos. Kanino umasa si Jesus? (Isaias 50:8,9)

APPLICATION

- Naniniwala ka ba na si Jesu-Cristo ay ipinadala upang mamatay para sa iyong mga kasalanan at upang maranasan mo ang buhay sa piling ng Diyos? Gusto mo bang magtiwala sa Kanya ngayon?
- Paano mo magagawang mabuhay nang may ganap na pagsunod sa Diyos gaya ng ginawa ni Jesus? Ano ang dalawang bagay na maaari mong gawin upang simulan ito ngayong linggo?
- May tao ba sa paligid mo na nanghihina at napapagod? Paano mo sila magagabayan na pumunta kay Jesus, na nagbibigay kalakasan sa mga nanghihina?

